



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Saan ko mahahanap ang by-law ng shopping bag?

Ang mga patakarang namamahala sa mga shopping bag ay nasa serye ng pag-amyenda sa By-law ng Lisensiya Num. 4450. Ang mga pag-amyenda sa by-law na ito ay makikita sa vancouver.ca/bags at kasama ang:

- By-law Num. 12624 (binabago sa By-law ng Lisensiya 4450 na tungkol sa mga shopping bag)
- By-law Num. 12843 (binabago sa By-law ng Lisensiya 4450 na tungkol sa petsa ng bisa ng mga inaatas para sa mga shopping bag)
- By-law Num. 12866 (binabago sa By-law ng Lisensiya 4450 na tungkol sa mga pagtaas mg bayad sa shopping bag)

Ang pinagsamang By-law ng Lisensiya Num. 4450 ay makikita sa vancouver.ca/your-government/licence-by-law

Bakit ireregula ang mga shopping bag?

Ang by-law ng shopping bag sa ay bahagi ng pangkat ng mga pagkilos na ginagawa ng Lungsod para mabawasan ang basurang single-use item habang nagtatrabaho tayo patungo sa pagiging zero-waste na komunidad sa pagsapit ng 2040.

Noong 2018, mga 89 milyong plastik na shopping bag at 4 na milyong papel na shopping bag ay itinapon sa basura sa Vancouver. Kahit na gaano kakaraniwan para sa mga residenteng muling gamitin ang mga plastik na shopping bag (66% ay muling ginagamit bilang mga bag ng basura), 30 milyong walang lamang mga plastik na shopping bag ay itinapon pa rin noong 2018.

Hindi kasama ng mga istatistikong ito ang mga bag na niresiklo o na-compost, o ikinalat sa likas na kapaligiran. Ang mga plastik bag ay ang ika-anim na pinakakaraniwang klase ng kalat na nahanap sa mga baybayin noong 2019, ayon sa Great Canadian Shoreline Cleanup.

Habang nagsasagawa tayo ng mga hakbang para mabawasan ang basura mula sa mga single-use item sa panahon ng COVID-19, nagtrabaho tayo para masiguro na ang lahat ng by-law natin ay naaayon sa pinakabagong pampublikong patnubay sa kalusugan at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente, mga negosyo at kanilang mga kawani.

Para sa mga pinakabagong pangkalusugang inaatas para sa COVID-19 at mga dulugan, mangyaring pumunta sa:

- Webpage ng Provincial Health Officer para sa mga kautusan, abiso at patnubay.
- British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC), kasama ang web page ng food business.
- Web page ng Vancouver Coastal Health para sa kalusugan ng kapaligiran at mga inspeksiyon.
- Work Safe BC.



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022 MGA MADALAS ITANONG

Bilang karagdagan sa mga plastik bag na gawa mula sa mga produktong fossil fuel, bakit mailalapat ang pagbabawal sa mga plastik na shopping bag sa plastik na may label o nailarawan bilang mako-compost, made-degrade, bioplastic at plastik na gawa mula sa mga tanim o ibang biyolohikal na materyales?

Ang plastik na may label o isinalarawan bilang mako-compost, made-degrade (biodegradable, oxodegradable, photodegradable, atbp.), bioplastic, at mga plastik na gawa mula sa mga tanim o ibang biyolohikal na materyales:

- Ay hindi tinatanggap sa Green Bin na programa ng Lungsod
- Kinokontamina ang umiiral na mga daluyan ng pag-compost at pagresesiklo
- Ay hindi aprubado para i-compost sa ilalim ng probinsiyal na regulasyon
- Ay hindi dinesenyo na mag-biodegrade kapag kinalatan sa likas na kapaligiran

Plastik na may label o isinalarawan bilang mako-compost o made-degrade ay hindi rin tinatanggap sa programang pagkolekta ng pagresiklo sa tirahan ng Recycle BC. Bilang mga contaminant, ang mga klase ng plastik na ito ay pinakamalamang na aalisin mula sa mga lokal na daluyan ng pag-compost at itatapon sa landfill o incinerator.

Bakit nakatakda ang mga minimum na bayarin sa \$0.15 noong 2022 at \$0.25 sa 2023 para sa mga papel na shopping bag, at \$1 sa 2022 at \$2 sa 2023 para sa mga bagong muling magagamit na shopping bag?

Ang mga bayad ay naaayon sa mga ibang lungsod sa BC na nagregula ng mga shopping bag, at sapat ang taas para bigyan ang mga kostumer ng insentibong magdala ng mga sarili nilang muling magagamit na bag. Ang iskedyul ng bayad ay nagbibigay sa mga negosyo at kostumer ng oras para umayon. Tulungan ang mga kostumer mong maiwasan ang mga bayad sa paghihikayat sa kanilang magdala ang sarili nilang bag, o sa paghahandog ng programang hiramang ng shopping bag na “take-a-bag, leave-a-bag”.

Ang mga bayad ba sa papel at muling magagamit na shopping bag ay sasailalim sa GST at PST?

Oo.

Ang mga minimum na bayad ba sa papel ay muling magagamit na shopping bag ay kailangang ipaalam sa mga kostumer?

Oo. Ang halaga ng mga bayarin ay dapat ipakita bilang hiwalay na linya ng item sa anumang mga resibong nilaan sa mga kostumer sa paggamit ng pananalitang tulad ng “PAPER BAGS” at “REUSABLE BAGS”.

Ang minimum na bayad ba sa mga muling magagamit na shopping bag ay mailalapat sa mga bag na pag-aari na ng mga kostumer at dadalhin sa tindahan?

Hindi. Ilalapat lang ang mga bayarin sa mga bagong muling magagamit na shopping bag na tininda sa mga kostumer.



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Maaari ba akong sumingil ng mas malaki kaysa sa mga minimum na bayad sa papel at muling magagamit na mga shopping bag?

Oo. Ang mga negosyo, kawanggawa at mga not-for-profit ay maaaring pumiling sumingil ng mas malaki sa mga minimum na bayad bilang bahagi ng sarili nilang gawain sa negosyo.

Kanino mapupunta ang mga bayarin mula sa papel at muling magagamit na shopping bag? Ang kita ba mula sa shopping bags ay pinadadala sa Lungsod?

Maiiwan sa mga negosyo, kawanggawa at not-for-profits ang mga bayad mula sa mga bag na pinamahagi nila. Ang kita mula sa mga bayarin sa bag ay hindi ibibigay sa Lungsod.

Ano ang dapat gawin ng mga negosyo, kawanggawa at not-for-profits sa mga bayad na nakolekta nila sa papel at muling magagamit na mga shopping bag?

Hinihikayat ang mga organisasyong gamitin ang bayad para masaklawan ang gastos sa pagsunod sa by-law ng shopping bag, tulad ng mga software update, pagtuturo sa kawani, atbp. Maaari ring gamitin ng mga negosyo ang kita sa bayad para pondohan ang donasyon ng mga muling magagamit na shopping bag sa mga not-for-profit at social enterprise na naghahandog ng mga programa sa mga residente na hindi naaayong naapektuhan ng kawalan ng pagiging patas ng kita.

Maaari ko bang i-subsidize ang gastos sa papel o mga muling magagamit na shopping bag at ibigay ito nang libre sa mga kostumer ko?

Hindi. Ang mga minimum na bayad ay dapat singilin sa lahat ng bago at muling magagamit na shopping bags.

Ang hindi kasama sa patakarang ito ay ang mga negosyo, kawanggawa at not-for-profits ay pinapayagang maglaan ng libreng papel at muling magagamit na shopping bags kung dati itong nagamit ng kostumer at ibinalik sa tindahan (hal. isang programang hiramang ng shopping bag na “take-a-bag, leave-a-bag”).

Maaari ko bang handugan ang mga kostumer ko ng diskuwento para magdala ng sarili nilang muling magagamit na mga shopping bag?

Oo. Subalit, ang mga organisasyong naghahandog ng mga diskuwento para gantimpalaan ang mga kostumer sa pagdadala ng sarili nilang mga muling magagamit na shopping bag ay kailangan pa ring sumingil ng bayad sa lahat ng bago at muling magagamit na mga shopping bag na naipamahagi.



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Anong klase ng mga papel na shopping bag ang mabebenta ko sa aking mga kostumer sa ilalim ng by-law ng shopping bag, at paano ito ile-label?

Ang mga papel na shopping bag ay dapat maglaman ng hindi bababa sa 40% na niresiklong papel na nilalaman.

Dapat nakasulat sa labas ng bag ang mga salitang “recyclable” at “made of 40% recycled content” o “made of 40% post-consumer recycled content,” o mas mataas na halaga kung angkop.

Anong mga klase ng muling magagamit na shopping bags ang pinapayagan sa loob ng by-law ng shopping bag?

Ang mga muling magagamit na shopping bag ay dapat dinesenyo at minanufacture na kayanin ang hindi bababa sa 100 paggamit, at pangunahing gawa sa tela (hal. cotton, canvas, jute, burlap, nylon, polyester, recycled polyethylene terephthalate, woven at non-woven polypropylene). Nirerekomenda ng Health Canada na labhan nang madalas ang mga muling magagamit na bag gamit ang mainit, masabong tubig, lalo na kung matapos itong gamitin para lagyan ng sariwang produce, karne, poultry at seafood. Ang mga halimbawa ng mga minumungkahing muling magagamit na mga shopping bag ay makukuha sa aming website sa vancouver.ca/bags at sa aming Patnubay sa By-law ng Single-Use Item.

Kung ang mga muling magagamit na shopping bag ay dinesenyo para makayanan ang 100 paggamit, pero hindi pangunahing gawa sa tela, makatutugon ba ito sa mga inaatas sa by-law ng shopping bag?

Hindi. inaatas ng by-law na ang mga muling magagamit na shopping bag ay pangunahing gawa sa tela (hal. cotton, canvas, jute, burlap, nylon, polyester, recycled polyethylene terephthalate, woven at non-woven polypropylene). Ang mga halimbawa ng mga minumungkahing muling magagamit na mga shopping bag ay makukuha sa aming website sa vancouver.ca/bags at sa aming Patnubay sa By-law ng Single-Use Item.

Nag-aapruba ba o nagpapatotoo ba ng Lungsod ng Vancouver ng mga muling magagamit na shopping bag para sa pagcomply sa by-law ng shopping bag?

Hindi. Nasasa may hawak ng lisensiya ng negosyo at mga manufacturer na siguruhin na ang mga muling magagamit na shopping bag na pinamamahagi nila ay nakatutugon sa mga inaatas ng by-law para sa mga muling magagamit na shopping bag.



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Ano ang kailangang gawin ng mga may hawak ng lisensiya sa negosyo para iulat ang taunan nilang distribusyon ng mga papel at muling magagamit na mga shopping bag?

Kapag hiniling ng Lungsod, hindi mas maaga sa Ene. 1, 2023, ang mga negosyo, kawanggawa at not-for-profits ay dapat mag-ulat ng bilang ng papel at mga muling magagamit na shopping bag na naipamahagi sa nakaraang 12 buwan. Magbibigay ang Lungsod ng mga tagubilin sa pag-ulat ng dami ng papel at muling magagamit na shopping bag na naipamahagi kapag humiling.

Nirerekomenda namin na ang mga may hawak ng lisensiya ng negosyo ay magtalaga ng sistema para masubaybayan ang bilang ng mga papel at muling magagamit na mga shopping bag na pinamahagi sa bawat taon. Kasama ng mga halimbawa ang mga electronic point of sale (POS) system, o pagbilang ng imbentaryo mo ng mga bag sa simula at katapusan ng taon.

Anong mga klase ng mga bag ang hindi kasama sa by-law ng shopping bag?

Hindi kasama sa by-law ng shopping bag ang:

- Papel at bagong muling magagamit na shopping bag na ginamit para sa mga de-resetang gamot
- Papel at muling magagamit na shopping bags na ginamit ng mga nakarehistrong kawanggawa at not-for-profit na korporasyon para magbigay ng pagkain nang libre o mababang halaga
- Mga programang “Bag-share” o “Take-a-Bag, Leave-a-Bag” kung saan ang papel o muling magagamit na mga shopping bag ay nagamit na ng kostumer nang minsan man lang at muling ginamit ng mga ibang kostumer
- Maliit na mga papel na bag (wala pang 15 cm x 20 cm kapag flat)
- Malaking mga shopping bag na ginamit para lagyan ng mga linen, kobrekama o ibang katulad na mga malalaking item na hindi madaling magkakasya sa papel o muling magagamit na shopping bag
- At, ang by-law ng shopping bag ay hindi mailalapat sa:
- Mga bag na hindi shopping bag, tulad ng mga produce bag, bag para sa bultuhang pagkain, mga bag na lalagyan o babalutan ng karne o isda, mga bag para sa mga baked na pagkain, mga bag para sa tinging hardware, mga bag para sa dry cleaning, mga bag para sa ospital na ginamit para lagyan ng mga gamit ng pasyente, atbp.
- Pakete ng limang bag man lang na binenta para sa personal na paggamit, tulad ng mga bag ng basura, mga liner ng basurahan at mga bag para sa dumi ng alagang-hayop
- Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa aming website sa vancouver.ca/bags o sa aming Patnubay sa By-law ng Single-Use Item.



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022 MGA MADALAS ITANONG

Ang mga kawanggawa ba at ang mga not-for-profit ay kailangang sumunod sa by-law ng shopping bag?

Oo. Lahat ng mga organisasyon na inaatasang may hawak na lisensiya sa pagnenegosyo sa ilalim ng By-law sa Lisensiya Num. 4450 ng Lungsod ng Vancouver ay dapat ngayong sumunod sa by-law ng shopping bag, kabilang ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon.

Subalit, ang mga nakarehistrong kawanggawa at not-for-profit na korporasyon ay hindi kasama sa pagsingil ng bayad sa papel at muling magagamit na shopping bags na ginamit para magbigay ng mga kawanggawang serbisyong pagkain:, o iulat ang dami ng mga bag na ginamit para sa layuning ito. Ang ibig sabihin ng “mga kawanggawang serbisyo ng pagkain” ay pagbibigay ng libre o murang pagkain ng organisasyon na naka-incorporate at nasa mabuting katayuan¹ sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng pederal na Batas sa Income Tax.

Tala: Sa panahon ng COVID-19, ang mga kawanggawang serbisyo ng pagkain ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga single-use item kasama ng pagkain o meals, kabilang ang mga shopping bag, pero inaasahang magsimulang magtrabaho patungo sa pagsunod sa by-laws sa lalong madaling panahon para sa kanila.

Ang mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain ba ay inaatasang sumunod sa by-law ng shopping bag?

Lahat ng mga organisasyon na inaatasang may hawak na lisensiya sa pagnenegosyo sa ilalim ng By-law sa Lisensiya Num. 4450 ng Lungsod ng Vancouver ay dapat ngayong sumunod sa by-law ng shopping bag. Ang by-law ay para sa mga bag na ginamit para maghatid ng pagkain sa Vancouver, kung ang bag man ay nilaan ng serbisyong naghahatid ng pagkain o nagtitinda ng pagkain. Lahat ng mga tagapaglaan ng serbisyong paghahatid ng pagkain ay dapat mag-update ng kanilang mga plataporma sa online, mobile at order sa telepono para masiguro na ang mga minimum na bayad ay siningil sa anumang papel at muling magagamit na mga shopping bag na kasama ng mga order ng paghahatid ng pagkain.

Paano ipinatutupad ng Lungsod ang by-law ng shopping bag?

Dahil sa mga nakakapagpahina ng mga pangyayari ng COVID-19, inuuna ng mga kawani ng Lungsod ang outreach at edukasyon para masiguro na ang mga negosyo ay may suportang kailangan nila sa pagsunog sa mga by-law ng single-use item. Kung makitang hindi sumusunod ang negosyo sa mga by-law ng single-use item na ipinatutupad, ang mga unang pagkilos ng Lungsod ay tututok sa edukasyon, outreach at suporta para matulungan silang sumunod.

¹ Ang mga organisasyon ay dapat i-incorporate at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng pederal na Income Tax Act para maging kuwalipikado para sa eksempsiyon sa mga kawanggawang serbisyong pagkain.



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022

MGA MADALAS ITANONG

Kasunod ng unang pang-edukasyong pagkilos na ito para makamit ang pagsunod, pagdagdag ng mga lebel ng pagpapatupad ay maaaring ilapat para matugunan ang hindi sumusunod na nagpapatakbo. Maaaring kasama sa pagpapatupad ang pagbibigay ng mga ticket, na may multang \$500 sa bawat paglabag, o higit na prosekusyon sa probinsiyal na korte na maaaring sumailalim sa maximum na multang \$10,000 sa bawat paglabag. Ang patuloy na hindi pagtupad ay maaari lang magresulta sa mga pagsuspende sa lisensiya ng negosyo, o mga rekomendasyon para sa pagbawi ng lisensiya ng negosyo.

Para sa mga pinakabagong update sa pagpaaptupad, pumunta sa vancouver.ca/reduce-single-use

Mayroon bang palugit na oras kapag ipinatupad ang by-law kung saan magagamit ng mga negisyo ang natitira nilang stock ng mga plastik na shopping bag at hindi sumusunod na papel nashopping bags?

Wala. Gamitin, itinda o i-donate ang natitira niyong stock ng mga bagay na ito bago ipatupad ang by-law.

Ano ang dapat kong gawin sa anumang natirang stock ng plastik o hindi sumusunod na mga papel na shopping bag matapos maipatupad ang by-law?

Ang anumang natitirang plastik na shopping bags ay maaaring:

- Mai-donate sa kawanggawa at not-for-profit na mga organisasyon (kung tumatanggap sila ng donasyon ng mga plastic bag). Minsan, ang mga kawanggawang organisasyon ay nagbibigay ng mga walang lamang plastik na shopping bag sa mga residenteng hindi naaangkop na apektado ng kawalan ng pagiging patas sa kita sa iba't ibang paggamit, tulad ng mga liner ng basurahan o para mas waterproof ang sapatos.
- Ibenta sa mga negosyo sa mga ibang hurisdiksiyon na hindi nililimita ang mga ganitong klase ng mga shopping bag.

Ang mga muling magagamit na shopping bag ba ay pinahihintulutan sa pandemyang COVID-19?

Sa ilalim ng kasaluluyang patnubay ng BC Centre for Disease Control at Vancouver Coastal Health, ang mga nagtitinda ay makakapagbigay ng muling magagamit na cups at matatanggap ang mga muling magagamit na shopping bag sa pandemyang COVID-19, ipadokumento sa mga nagtitinda ng pagkain ang patakaran nila sa tindahan at sundin ang mga inaatas na pamamaraan sa prebensiyon.

Para sa pinakabagong pangkalusugang inaatas sa COVID-19, mangyaring bumisita sa mga organisasyong nakalista sa ibaba ng unang pahina ng dokumentong ito.



BY-LAW NG SHOPPING BAG – ENERO 1, 2022 MGA MADALAS ITANONG

Paanong ligtas na matatanggap ng mga negisyo, kawanggawa at not-for-profits ang mga muling magagamit na shopping bag ng mga kostumer sa panahon ng pandemyang COVID-19?

Ang BC Centre for Disease Control ay nagbibigay ng mga pamamaraan sa prebensiyon sa pagtanggap ng mga muling magagamit na shopping bags, tulad ng dagdag na paglilinis at pag-sanitize sa mga lugar na madalas nahihipo, at paghugas ng kawani ng mga kamay nila matapos hawakan ang mga muling magagamit na bagay na natanggap mula sa mga kostumer. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa webpage ng food business ng BC Centre for Disease Control.

Paano masisiguro ng mga negosyo, kawanggawa at not-for-profits na ang mga bag na nilaan sa pamamagitan ng “Take-A-Bag, Leave-A-Bag” o mga programang “bag sharing” ay malinis?

Makipagtulungan sa Vancouver Coastal Health para masiguro na ang mga muling magagamit na mga shopping bag na nakolekta sa pamamagitan ng mga programang hiram ng bay ay mabisang nalinis at na-sanitize sa loob ng iyong plano sa paglilinis bago itong muling magamit ng mga kostumer. Nangangahulugan ito na ang mga muling magagamit na bag ay dapat maaaring labhan o gawa sa materyales na maaaring mabisang na-sanitize.

Paano mahihikayat ng mga negosyo, kawanggawa at mga not-for-profit ang mga kostumer nilang magdala ng malinis na mga muling magagamit na shopping bag?

Ang aming by-law toolkit ay may kasamang poster para mahikayat ang mga kostumer na magdala ng malilinis na muling magagamit na shopping bags, kasama ang mga payo sa paglilinis mula sa Health Canada. Pumunta sa vancouver.ca/bags para i-download ang mga dulugang ito.